American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN:2378-703X
Volume-4, Issue-11, pp-188-195
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# Ang Penomenong Awiting Visayan Popular o (VisPop) sa Kabatang Sebwano at ilang usaping wika at kultura

JULIET O. MANDADO[1]
[1](Department of Filipino, College of Arts and Sciences/ Cebu Technological University,Philippines)

**ABSTRACT :** Visayan Popular is a popular singing competition that encourages people (Bisaya) in Cebu to composed songsfor its current generation compositions that sings all through out their heart. The culture is important to look at as a place where one of the factors is the use of language in order to determine the culture of a group and its purpose. This study used descriptive research and was anchored to the linguistic style of Noam Chomsky that can facilitate language teaching and learning from what information being heard and read in phenomenological approach. The study aim to analyze selected songs for 1) content style, 2) context, 3) and, social relations. The study found that the use of local language in teaching the lessons and the contextualization of language were rich in social interaction and expanded human attraction to information about the development use of one's own language. Filipino language can be considered a contribution in a society to the linguistic and its universal phenomena.
***Keyword:****Visayan Popular, social relations, phenomenal, content style and Cebu*

***ABSTRACT:*** *Isa ang Visayan Popular na musikang kinagigiliwan na paligsahan sa pagsulat ng awitin na humihikayat sa mga bisayang kompositor na dekalidad na awitin sa kasalukuyang henerasyon lalo na ang mga kabataan. Mahalagang masipat ang kultura ng isang lugar na ang isa sa mga dahilan ay ang paggamit ng wika para makilala ang kultura ng isang pangkat at isang indibidwal. Gumagamit ang pag-aaral ng deskriptibong pananaliksik at nakangkla ky Noam Chomsky 1) sa lingguwistikong istilo at penomenong lapit na nakapagpapadali sa pagtuturo at pagkatuto ng wika mula sa mga impormasyong naririnig at nababasa. Nilayon ng pag-aaral na analisahin ang mga piling awitin 2) istilong nilalaman, 3) kontexto, 4) at ugnayang panlipunan. Natuklasan sa pag-aaral na ang paggamit ng lokal at kontekstwalisadong araling pangwika ay mayaman sa panlipunang ugnayan at napapadali ang pagkatuto ng tao sa impormasyon ng pagpapalaganap at paggamit ng sariling wika. Maituturing ang mga ito na ambag ng panlipunang Pilipino sa pangwika at pampantikang unibersal na penomenon.*
***Keywords -****Visayan Popular, ugnayang panlipunan, penomenon, istilong nilalaman at Cebu*

## I. INTRODUCTION

Sa pagsasalita ng ibang wika bukod sa wikang katutubo, hindi maiiwasang maimpluwensyahan ang bago o pangalawang wika ng mga gawaing linggwistik ng unang wika. Nagnyayari ito wala sa kamalayan ng mga nagsasalita ng pangalawang wika nina Peregrino, J. M. et al. (2002). Sa mga katotohanang ito, masasabing nagkaroon ng mga pagbigay ng mga simbolo ng sariling wika sa pagsasalita at ang mga nagsasalita nito.

Cebuano ang wikang ginagamit ng Cebu, bandang kanluran ng Leyte, mga bahagi ng Bukidnon, Cgayan De Oro, Agusan, Surigao, Iligan, Davao, Cotabato at Zamboanga del Sur. May kaibahan sa maraming pook ngunit bahagya lamang ito. Ang salitang Cebuano ay tumutukoy sa wikang laganap na gamit sa maraming pook at ito ay tinatawag ding Bisaya, Bisayan at Binisaya ayon kina Peregrino, J. M. et al. (2002). Ang Cebuano ay isang varayti ng wika magkasimpantay ang kakayahan degri nito sa iba pang Visayan na varayti, ngunit inuuri bilang wika na may sariling karapatang-ari wika nina Policarpio, A. & Cabangon, N. (2016).

Binagyang-kahulugan nina Policarpio, A. & Cabangon, N. (2016) ang Visayan Pop o VISPop ay isang musikang popular na isinulat ang awitin na isang paligsahan sa mga bisayang kompositor na may dekalidad na awiting bisaya ng mga kasalukuyang henerasyon. Ang mga bagong henerasyon ay nais makilala sa kanilang awitin sa pagpahayag na sa sa mga epektibo at makapangyarihang kasangkapang pandamdamin ay ang musika Ang musika ay tunog na makataong binuo, na nagpapahayag ng ugnayan sa pagitan ng mga pattern ng makataong pagbuo nito at ng likhang tunog na nagreresulta sa ugnayan nang bawat tao ayon sa pahayag nina Shepherd, J. et al. (2003).

.

Ang musika ay madalas na isang pokus o aspeto ng pananaliksik ng antropolohikal dahil sa mahalagang bahagi na ginampanan nito sa buhay ng napakaraming pangkat (Shepherd, J. et al. 2003).

. Ilan sa mga ideya at istilo na tanyag sa loob ng nasabing pangkat, tinitingnan ang paraan kung saan ang mga aktibidad sa musika ay nakabalangkas at nakaayos sa lipunan. Maaaring maging makapangyarihang instrumentong pang-emosyonal na sumasalamin ang awiting Filipino sa buhay, gawain, kultura at pagkilala bilang tao sa lipunan.

Noong 1930s, nagsimula ang pananaliksik sa musikang African-Amerikano na lumipat mula sa mga form ng digmaang sibil ng digmaan at ang kanilang mga pagpapakitang postwar sa jazz at blues. Ang mga pag-aaral sa musika na tanyag ay nanatili sa mga margin ng african-american hanggang 1980's (Shepherd, J. et al. 2003).Hanggang 1990s ang mga hip-hop at iba pang mga black na musika na genre ay naging mga paksa para sa mga pagtatanghal ng komperensya, syposium, artikulo, at libro bagamat maraming mga iskolar na minsan ay hindi pinansin ang kanilang musika, sinimulan nila ito bilang isang gamit upang suriin ang iba't ibang mga aspeto para sa mga isyu ng lahi, kasarian, pagkakakilanlan, etniko, may akda at musika sa media (Shepherd, J. et al. 2003). Ang industriya ng musika noong 1973 na pop sa Pilipinas ay matagal na pinangungunahan ng American Top 40, ay nabigla sa paglitaw ng isang bagong uri ng tunog na naghatid ng mga malulugod na liriko ng Pilipino sa daluyan ng Western rock (Maceda, T. G. (2007). Sa halos parehong oras natagpuan ang kilusang protesta, sa mga tanyag na anyo ng rock at folk, daan para sa ipaglaban ang kultura at makilala ang mga ito bilang pagpapakilala natin sa mga ibang bansa.

## II. HEADINGS

Lumaganap ang Bisaya na kanta sa kabataan sa Cebusa taong 2012 kung saan maraming kabataan ang nakikisabay sa uso at sadyang mahalaga ang pag-usbong sa modernong panahon para sa kabataan dahil makasabay sila sa indak na nagpakilala tungkol sa Visayan Popular. Sa kulturang Pilipino ay taglay na ang wikang nagpapaloob at nagpapahayag dito na siyang bumubuo at humuhubog sa diwa ng kultura. Isa sa mga epektibo at makapangyarihang kasangkapang pandamdamin ay ang musika na lenggawahe na naglalarawan sa kung ano talaga ang lipunan, subalit ito ay metaporang ekpresyon ng mga damdamin na maiuugnay sa takbo ng lipunan nabanggit nina Pe-Pua, R. & M. E. P. (2000) sa kanilang pag-aaral na Sikolohiyang Pilipino: Filipino psychology.Ang Sikolohiyang Pilipino ay naka-angkla sa kaisip at karanasan ng Pilipino tulad ng naintindihan mula sa pananaw ng Pilipino. Naikintalsa isip ng bawat tao kung paano siya gaganap sa kanyang lipunan at kung paano niya ito naiintindihan ang mga nakapalibot sa kanya.

Mahalagang masipat ang mga oryentasyon ng tao sa kaniyang lipunan kinabibilangan. Isa ito sa mahalagang pagtuonan ng pansin kung paano gumagalaw ang isang tao sa kanyang kinabibilangan na gamit ang musika sa pagpapahayag ng damdamin. Ayon kay Covar, P. R. (2015) na ang parametrong kaalamang bayang dalumat ng pagkataong Pilipino ay isang pamamaraan para sa mas malapit na pagkilala at pag-aaral ng pagkataong Pilipino sa disiplinang antropolohiya. Ito ay tungo sa mas lapat na pagsasalarawan sa pagkataong Pilipino na nakaayon sa konteksto ng sariling kultura — na isang hakbang na paghahawan ng mga disiplinang kaugnay sa larangan ng Sikolohiyang Pilipino.

Ganito ang paliwanag ni Moriarty, M. (2014) ang pagpapalawak ng kamalayan sa unti-unting pagkamatay ng wika at dibersidad nito ay magiging matagumpay lamang kung maitatatag ang makabuluhang kontemporanyong gampanin ng mga minoridad na wika bilang kahingian ng modernong pamumuhay sa kanyang sariling komunidad gayundin ang nasyonal at internasyonal na konteksto nito.

Sa kasalukuyan, unti-unting yumayakap sa dayuhang palasak ang mga awiting na nasa wikang Ingles at Korean na kinahuhumalingan ng mga kabataang nabibilang sa henerasyong ito kahit na hindi naman lubusang maintindihan ang liriko. Ang kanilang music videos ay kumakalat sa iba't ibang kontinente sa pamamagitan ng social networking services, at pinapanood ng makailang daan at milyon na ulit saad nina Anastacio, D. S. et al. (2016).

Nakababahala ito sa sariling wika na hindi matatangkilik ang mga awiting gawa sa lokal at kontekstwalisadong kaparaanan. Malaking hamon ang pagtuturo ng wika at panitikan sa pag-usbong ng makabagong teknolohiya, bagkus naging daan ang makabagong pamaraan sa pagpapaabot ng bagong kaalaman na makikita at maririnig sa midya. Ang pagkahilig sa mga awiting Visayan Popular ng kabataan ay nagbibigay inspirasyon upang ipagpatuloy ng mag-aaral na matuto sa aralin.

Mahalagang talakayin ang kaugnay na konsepto para sa sitwasyong pagkakaroon ng linggwitikong pagkakilanlan na penomenon sa lugar na maaaring iugnay at ibatay sa ugnyang panlipunan. Ilan lamang ang may pag-aaral nina Anastacio, et al. (2016) na sumuri sa Paghahambing sa Ingles, Filipino, at Sebwanong mga Salin ng Orihinal na Espanyol na Lyrics ng Pambansang Awit ng Pilipinas, at sa pag-aaral ni Demetrio, F.P.A. (2013) na sumuri sa Semyohikal na Pagsusuri sa mga Kontadiksiyong nakapaloob sa Panlipunang Kritisismo ni Gloc9, ganito rin sa pag-aaral na tumutugon sa pagusuring- Problematizing the popular: The dynamics of Pinoy pop(ular) music and popular protest music ni Maceda, T.G. (2007) at sa pagdalumat at pagninilay-nilay sa pag-

aaral na Si Axel Honneth at ang mga Talinghaga ng Pagpupumiglas sa mga Awit ng Bandang Yano ni De Leon, E.C. (2014).

Mahalaga ang pag-aaral sa mga panunuri ng awitin na may kasaling pagtingin sa sariling wika upang maipakita sa ibang bansa na mayroong sariling pagkakakilanlan ang wikang Filipino at mapalaganap ang kabisaan nito sa pag-uugnay ng tao sa lipunan. Ang bentahe ng awit sa panahon ng represyon ay ang pagiging madulas nito't napakadaling dalhin kahit nino, kahit saan. Inuugat ng kanta ang tao—manunulat o mang-aawit o tagapakinig—sa isang partikular na komunidad at kontexto pero di' nagpapataw ng permanenteng kahulugan o kontexto. Lumitaw noong 1990's, ang mga pag-aaral sa musika ng ay naging bahagi ng kanon sa maraming mga disiplinang pang-akademikong nagresulta sa paglitaw ng musika at kultura ng hip-hop bilang isang pambansa at pandaigdigang penomenon nina Shepherd, J. et.al. (2003).

Kaya, sa pagtuturo ng Filipino ay hinanapan ng mga pamaraan upang matugunan ang mga pangangilangan ng ika-21 siglong mag-aaral. Sadyang mahalaga ang pagsabay sa pag-usbong ng modernong panahon para makasabay sa indak ng kabataan ang nagtulak upang isagawa ang pag-aaral na ito. Nilalayon ng pag-aaral na ito na maanalisa ang awiting Visayan Popular sa pangnilalamang pangwika. Tinitiyak din nito na maanalisa ang elemento ng kanta, istilong pang nilalaman at panlipunang ugnayan nito.

Bilang paglalahat, pinangangatwiranan ng pag-aaral na ito na mapayabong ang talakayang pangwika at pampanitikan ng mga mag-aaral at magkakaroon ng malikhain at epektibong pagkatuto sa loob at labas ng klase. Dagdag pa nito na makalikha pa ng mga bagong awiting Filipino na may malalim na hugot, hatak at inspirasyon sa masa lalong-lalo na sa mga kabataan ngayon. Higit sa lahat, ang gamiting wika na may pagkakilanlan na naghahanap ng agarang solusyon.

## III. INDENTATIONS AND EQUATIONS

Kalahok ng Pag-aaral

Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong metodo sa parang deskriptibo sa pagsusuri sa mga nilalaman ng piling awitin ng Visayan Popular batay sa kasanayang pakikinig. Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa pamamagitan ng pag-aanalisa ng linggwistikong istilo at penomenong lapit sa lipunan ang elemento ng kanta, istilong pang nilalaman at panlipunang ugnayan nito. Nakafocus ang pag-aanalisa sa mga pagsusuring pangnilalaman na ang paghihimay sa konteksto ng isang akda para mapalutang ang mensahe nito.

Para masagot ang mga suliranin sa pag-aaral na ito ay sinimulan ang pag-aaral sa paglikom sa mga datos ay nagmula sa mga piling awit na visayan popular na nakuha sa post sa online at ibang internet website na:

1. Pasabta Ko na isinatitik ni Kuya Bryan at inawit ni Leela Laburada
2. Labyu Langga na isinatitik at inawit ni Jerika Teodorico
3. Sa Akong Heart na isinatitik nina Rowell Ucat, Jude Gitamondoc at Ronald Ensalada na inawit ni Von Saw
4. Pero Atik Ra na isinatitik nina Rowell Ucat at Jude Gitamondoc na inawit ni Jacqueline Chang, at
5. HAHAHAHasula na isinatitik pa rin nina Rowell Ucat at Jude Gitamondoc na inawit ni Kurt Fick.

Pamaraan ng Pangalap ng Datos

Ginamit ng mga mananaliksi ang mga sumusunod na hakbang sa pagkuha ng datos at impormasyon:

1. Paghahanda ng talatanungan para sa mga kabataan
2. Gumamit din ng mga kagamitang gaya ng voice recorder, cellphone at video sa youtube para sa ginawang pagrekord ng mga awitin habang ito ay inaawit ng mga impormante, at
3. Pagbibigay ng interpretasyon sa datos na nakalap sa pamamagitan ng paglikom ng mga piling awitin.

Matapos malikom ang mga awit, sinuri ng mananaliksik ang sa pangnilalamang pangwika nakapaloob na istilong pang nilalaman, konteksto, at panlipunang ugnayan.

Instrumentong Ginamit

Sa pangongolekta ng mga datos ginamit ang "convenient sampling" kung saan ang pangangalap ng mga datos ay kinuha mula sa mga impormanteng abeylabol na pinaghanguan. Isang sarbey na talatanugan na sinabayan ng impormal na panayam para sa kabataan ang instrumentong ginamit ngmananaliksik sa pangangalap ng datos. Ang unang bahagi ng talatanungan ay tungkol sa mga awitin, ikalawa ay ang sinuri ang pangwikang pangnilalaman ng mga awitin. Sinuri ang talasalitaan at kung ano ang istilo ng pananalita nito, pati na ang pangnilalamang pagpapabatid na nakapaloob sa mga awitin na makikita sa talahanayan at panghuli ay ang yugtong ito ay susuriin ang kamalayang panlipunan ayon sa sosyal na aspeto sa pakikipagkapwa na mahihinuha mula sa mga piling awitin na makikita sa talahanayan.

Sa kabuuan, ang mga awiting sinuri ay napagsusunod-sunod ayon sa yugto. Ginawan ng tig-iisang talahanayan ang bawat pagsusuring pangnilalaman at ginamitan ng leyenda para sa organisadong pagsusuri at pagbubuod para sa madaliang pag-unawa.

Limitasyon ng Pag-aaral

Binibigyang-pokus lamang sa pag-aaral na ito ang pag-aanalisa piling awitin. Ang pagsusuring ito ay limitado lamang sa limang (5) awit na popular sa bisaya dito sa Cebu. Limitado lamang sa mga awitin at nilalamang wika at kulturang ipinapahayag sa bawat awitin ang sinuri sa kanta para magamit sa gawing pangklase. Ang pagsusuri sa nilalamang pangwika ang sentro nito na – istilong pangnilalaman, konteksto ng kanta, at panlipunang ugnayan.

## IV. FIGURES AND TABLES

4.1 Pagsusuring Pangnilalaman sa mga awiting *visayan popular*

Sa yugtong ito ay sinuri ang pangwikang pangnilalaman ng mga awitin mula sa mga piling salita, parirala at talinghaga na nakapaloob dito sa susmusunod na talahanayan na resulta ng pag-aaral.

**Talahanayan 4.4.1**
**Pagsusuring Pangnilalamang Istilo sa mga awiting visayan popular**

| Awitin | Salita | Parirala | Talinghaga |
|---|---|---|---|
| Pasabta Ko | giduwaan<br>Salitang-ugat:duwa<br>Panlapi:gi- at –an | abi nakog<br>tinudanay | Ikaw ang akong<br>kalipay<br>puro pagmahay |
| Labyu Langga | mahigugma<br>Salitang-ugat:gugma<br>Panlapi:ma- at -hi- | buhaton kong<br>tanan-tanan | Ang<br>tagubtob<br>sa akong<br>dughan |
| Sa Akung Heart | higugmaon<br>Salitang-ugat:gugma<br>Panlapi:hi- at –on | adlaw-adlaw<br>ikaw ra gyud | Kausa ra tika higugmaon<br>Kausa ra tika pagahagkon |
| Pero Atik Ra | naglisod<br>Salitang-ugat:lisod<br>Panlapi: nag- | kay basin pa diay<br>maapsan pa ko<br>nimo | Pero atik ra,<br>pero atik ra |
| HAHAHASula | nagsakit<br>Salitang-ugat:sakit<br>Panlapi:nag- | maypa sa akong<br>mga damgo | Kay di ta uyab, wala'y ikaw<br>ug ako |

Inilalahad Talahanayan 1, ang awit na Pasabta Ko ang salitang nagpapalutang sa karanasan at naramdaman ng persona sa awitin. Mamasdan ang salitang "giduwaan" na ang ibig sabihin nito ay "pinaglaruan". Mula sa salitang "giduwaan" ay matutukoy din ang mga pangnilalamang pangwika gaya ng salitang-ugat at panlapi. Ang salitang-ugat ay mga salitang buo ang kilos gaya ng salita na "duwa" samantalang ang panlapi ay isang morpema na ikinakabit sa isang salitang-ugat upang makabuo ng iba pang salita gaya ng gi- at –an na isang unlapi at hulapi. Ang mga salitang "Ikaw ang akong kalipay, karon puro na pagmahay…"ay may pagpapakahulugan sapagkat ang mga ginamit na salita ng kompositor ay literal at diretsahan na kung saan ang kahulugan ng mga salita gaya ng "ikaw" na ang ibig sabihin ay "ako", "kalipay" na ang ibig sabihin ay "kaligayahan", at "pagmahay" na ang ibig sabihin ay "pagsisisi" sa wikang Filipino. Sa pamamagitan ng mga salita na ginamit sa kabuuan ng kanta ay naipahayag na ang istilo ng awitin ay ang paglalaro sa damdamin.

Sa ikalawang kanta na *Labyu Langga* ay ipinahayag sa salitang "mahigugma" na ang ibig sabihin ay "nagmahal". Ang mga pangnilalamang pangwika gaya ng salitang-ugat at panlapi mula sa salitang "mahigugma". Ang salitang-ugat na "gugma" at ang panlaping ma- at –hi- na kapwa mga unlapi na matatagpuan sa unahan ng salitang-ugat. Mas pinalalim pang lalo ng persona ang kanyang ipinahahayag na damdamin sa awitin ng banggitin nito ang isa sa mga pariralang "buhaton kong tanan-tanan" o "gagawin ko ang lahat-lahat.

Base sa Philippine Statistics Authority (2014), ang Cebuano ay isa sa mga tinatayang 70 hanggang 75 na mga wikang indigenous na makikita sa buong isla ng Pilipinas. Tagalog, Cebuano at Ilokano ay siya bumubuo sa pinakamalaking pangkat ng komunidad pangwika. Dito sa Pilipinas, lalo na sa Cebu, ang mga isyung nauukol sa wika ay isa sa matitinik na paksa ng pagdedebate at mga pagtatalo. Kagaya ng maraming postkolonyal na mga bansa, ang Pilipinas ay may dalawang opisyal na wika Filipino at Ingles na pawang ginagamit bilang midyum ng instruksyon sa mga paaralan ito ang pahayag ni Moriarty, M. (2014).

Sa ikatlong kanta na *SaAkong Heart*, ang salitang nagpapalutang sa karanasan at damdamin ng persona ng awitin ay ang salitang "higugmaon"- ibig sabihin ay "mamahalin". Ang mga pangnilalamang pangwika gaya ng salitang-ugat at panlapi mula sa salitang "higugmaon" - na "gugma" at ang mga panlaping hi- na isang unlapi

na matatagpuan sa unahan ng salitang-ugat at –on na isang hulapi na matatagpuan sa hulihan. Pinagtibay lalo ang pagpapahayag ng damdamin sa pamamagitan ng mga pariralang "adlaw-adlaw ikaw ra gyud" o "araw-araw ikaw lamang". Ipinahahayag rito na ang kanyang iibigin ay wala nang iba pa. Sa pahayag na "kausa ra tika higugmaon, kausa ra tika pagahagkon" o "isang beses lang kita mamahalin, isang beses lang kita hahalikan", ito ay pag-uulit na anapora sapagkat ang pag-uulit ng isang salitang "kausa" ay nasa unahan ng isang sugnay.

Inilalahad din sa ikaapat na kanta na *Pero AtikRa* ang salitang nagpapalutang sa karanasan at damdamin - nagbanggit ng salitang "naglisod". Sa pagpapakahulugan ng salita ay "naghirap" ang kahulugan nito. Mahihinuha sa karanasan ng persona ang paghihirap sa pag-ibig na walang kasiguraduhan. Matutukoy din ang mga pangnilalamang pangwika gaya ng salitang-ugat at panlapi mula sa salitang "naglisod". Ang salitang-ugat na "lisod" at ang unlaping nag-. Ang salitang "kay basin pa diay maapsan pa ko nimo" o "baka maabutan mo pa ako" ay nabuo ang pasyang kung ayaw ay huwag ng pilitin mula sa pahayag "pero atik ra" na may pagpapakahulugan na "pero biro lang".

Inilalahad naman sa ikalimang kanta na *HAHAHAHasula* ang salitang nagpapalutang sa karanasan at nararamdaman ng persona sa pamamagitan ng salitang nabanggit sa awitin na "nagsakit" ibig sabihin sa salita ay "nasasaktan". Mula sa salitang "nagsakit" ay matutukoy ang mga pangnilalamang pangwika gaya ng salitang-ugat at panlapi. Ang salitang-ugat ay mga salitang buo ang kilos gaya ng salita na "sakit" samantalang ang panlapi ay isang morpema na ikinakabit sa isang salitang-ugat upang makabuo ng iba pang salita gaya ng nag- na isang unlapi. Ang pahayag na "kay di ta uyab, wala'y ikaw ug ako" ay nagtataglay ng denotasyon na pagpapakahulugan na ang ibig sabihin ay "dahil hindi tayo, walang ikaw at ako.

Sa pangkabuuan, ang boses ng isang akda ay mahihinuha buhat ng pagtatawid ng manunulat sa kanyang natatanging karanasan tungo sa isang komposisyon sa pamamagitan ng malikhain at matalinghagang pagbubuo ng mensahe ng isang tulang nilapatan ng tunog na naging awitin.

Ayon kina Peregrino, Jovy M. et al. (2002) sinasabing mayaman sa lokal at kontektwalisado ang ginawang awitin. Habang ginagamit ng mga kabataang Filipino ang kanilang wika ng pagkanta, patunay lamang sa pagpapayaman ng wika bilang lingua franca. Dagdag pa dito ang pangangailangan sa mabilisang anyo ng pakikipagkomunikasyon, na resulta ay pagpapaikli, pagpili ng mga bagong salita bilang ekspresyon sa pang-araw-araw na pakikipag-usap.

Binanggit sa pag-aaral ni Maceda, T. G. (2007) na sa pagdinig ng kanta, maaring magunita ng tagapakinig ang katulad na danas ng sarili o kamag-anak o kaibigan o kakilala na maari niyang idagdag sa mga linya ng kanta. Sa paraang ito, lumalago ang kanta at nagiging bahagi ng tradisyon ng taong bayan. Sa pag-aaral naman ni De Leon, E. C., (2014) na mas pamilyar na pinakikinggan ng mga kabataan noong dekada '90 sa musikang mabibilis, busog sa tunog, at nag-aanyaya ng yugyugan, na makilala sa mainstream at kakikitaan na agad ng timpla ng kagustuhang kumawala sa nag-iisang sistema. Ganito rin ang natuklasan sa pag-aaral nina Alvarado, T. et al. (2018) na Varayti ng Wikang Sugbuanong Binisaya sa Hilagang Cebu, na inilalarawan ang iba't ibang uri ngpagbubuo ng salita na kinakabitan ng panlapi sa iba't ibang posisyon ng salita gaya ng unahan, gitna, hulihan, kabilaan at laguhan. Patunay lang na ang varayti ng wikang sugbuanun'g binisaya sa hilagang Cebu ay nagkakaiba-iba ayon sa pagbubuo ng salita.

4.2 Pagsusuring Pakahulugan sa Konteksto sa mga awiting visayan popular

Sa konteksto ay isinasaalang-alang ang ugnayan ng mga elementong linggwistika at kakayahang pangkomunikatibo ng pagpapahayag para epektibong mahagilap ng tagapakinig ang emosyon, karanasan, at mensaheng hatid ng awitin sa pangkabuuan.

Masisilayan sa Talahanayan sa awiting *Pasabta Ko*, ito ang panandang konteksto na nagbuod sa kahulugang nakabatay sa pahiwatig ng mga pahayag sa awitin, inilahad sa istilong pagtatanong at nangangahulugang tungkol sa sakit na naramdaman.

Sa awiting *Sa Akong Heart* naman, ang kabuuang kontekstong napapaloob ay mahihinuha na inilahad sa istilong pang-aaliw na mahihinuha sa mga liriko ng awitin na may nilalamang pagpapabatid na ipinararating hindi masabi-sabi ang damdamin sa sinisinta na handang mag-alay ng wagas na pag-ibig.

Sa awiting *Pero Atik Ra* naman, ang kabuuang kontekstong napapaloob ay mahihinuha sa linya ng awiting ay sa istilong paglalahad ng naging karanasan sa pag-ibig at kabiguan na may nilalamang pagpapabatid ng mga taong patuloy na umaasa sa relasyong simula't sapul ay wala ng katiyakan. Ang huling awiting *HAHAHAHasula* naman, ang kabuuang kontekstong napapaloob ay mahihinuha sa istilong paglalahad ng naging karanasan sa pag-ibig at kabiguan sa sinisintang may iba ng minamahal na maging positibo at idaan na lang sa tawa anumang sasapiting kasawian.

Sa pangkabuuan, mahalaga ang gampanin ng mga awdyens sa kahit anong akdang pangwika at pampanitikan dito pinagkukunan ng inspirasyon ng bawat manlilikha ng sining. Dagdag pa sa pag-aaral ni De Leon, E.C. (2014) na kung pakikinggan natin, mapang-aliw ang gamit nila ng mga salita, epektibo ang kanilang pagpapatawa sa mga nakikinig dahil sa mga nakahihiyang nangyayari sa ating mga personal na buhay at sa buhay natin bilang isang lipunan.

**Talahanayan 4.4.2**

**Pagsusuring Pakahulugan sa Konteksto sa mga awiting visayan popular**

| Awitin | Konteksto | Kahulugan |
|---|---|---|
| Pasabata ko | Pero ngano mang kalit kang nibiya<br>unsa man diay imong gipangita?<br>Palihug pasabta ko. | Naramdamang sakit sa iniwanan |
| LabyuLangga | Sa kasadya'g kabalaka<br>Kanunay kang may kasangga…<br>I love you langga | May magmamahal pa ng totoo |
| Sa Akong Heart | Nasaag ka sa akong dughan<br>Kay nara ka sa akong heart… | Handang mag-alay ng wagas na pag-ibig |
| Pero Atik ra | Dili na ko mag-assume nimo nga paasa…<br>wa na ta'y pugsanay<br>Ay'na ko'g atika<br>Pero atik ra… | Umasang walang katiyakan sa sukli nitong pag-ibig |
| HAHAHAHasula | walay ikaw ug ako<br>Apan kon magselos ko…<br>Ayaw pagbuot, Sige na lang ta ani'g …<br>Ha Ha Ha katawa<br>Ha Ha Ha Hasula | Positibo sa anumang dadansin |

Gumagamit ito ng panandang konteksto na maaring mga inuulit na salita o parirala, o mga matatalinhagang pahayag na nagpapalalim pang lalo sa mensahe tungo sa malinaw na kahulugan ng liriko nito na maaring magsilbing kabuuan ng diskurso ng isang awitin

4.3 Ugnayang Panlipunan -emosyonal

Matutunghayan sa Talahanayan ang pagsusuring ugnayan ng lipunan sa mga Awitin ng Visayan Popular na ang kamalayan ng tao ay mayroong kakayahang magmalas, dumama, gumising, sumubok, kumapa, tumingin, at umunawa sa lahat ng bagay o pangyayari sa paligid at sa lipunan.

**Talahanayan4.4.3**
**Pagsusuring Ugnayang Panlipunan sa mga awiting visayan popular**

| Awitin | Ugnayan Panlipunan | |
|---|---|---|
| | *Emosyonal* | *Sosyal* |
| Pasabta Ko | Piliing mabuti ang taong pag-aalayan ng pag-ibig. | Malasakit sa kapwa |
| Labyu Langga | Pag-ibig na walang kapantay | Pagmamahal na wagas |
| Sa Akong Heart | Walang takot sa ngalan ng Pag-ibig | Matapang at handang ipaglaban ito |
| Pero Atik Ra | Mapagkunwari sa damdamin ng iba | Panindigan ang paglimot sa sa sakit na dulot |
| HAHAHAHasula | Maghintay sa tamang panahon | Tawanan na lang problema at may pag-asa. |

Ayon kay Constantino, (2005) na mula sa sosyolinggwitikong teorya na nakabatay sa pamamalagay ng wika ay isang panlipunang penomenon –na nagiging makabuluhan. Dahilan ang mga pag-aaral sa kultura na nagiging isang katanggap-tanggap na paradigma ng akademiko at ang pag-aaral ng Africa-Amerikano ay patuloy na binabago ng epekto nito, ang mga pag-aaral na tanyag na musika ay patuloy ang paghahatid ng impormasyon ay ang anumang pahayag, aksiyon, at salita ng isang indibidwal kung ito ay nakakonteksto sa isang lipunan at ginagamit din naman ng iba pang grupo (Peregrino, J.M. et. al. (2002). Pakahuluğan lamang na pinag-iisa ang interes at gawain para mabuo ang isang kahulugan at maunawaan sa mga gumagamit nito.

Halimbawang akda na pumupukaw ng maraming emosyon sa mamamayang Pilipino ay ang mga obra maestra ni Dr. Jose P. Rizal na *Noli Me Tangere at El Filibusterismo.* Habang nagbabasa ay makadarama ng poot para sa mga nang-aapi, awa para sa mga inaaapi o di kaya ay paghanga sa katatagan ng mga nakipaglaban para sa tinatamasa ngayong kalayaan.

Ang awiting *Pasabta Ko*, inilalahad sa ugnayang panlipunang emosyonal na piliing mabuti ang taong pag-aalayan ng pag-big nang di' magsisi sa huli. Mula sa nabanggit na taludtod ng awitin na "Ikaw ang akong kalipay karon puro na pagmahay. Ngano imo man kong giduwaan? Abi nakog tinud-anay…" ay madarama ang kapighatiang nadarama dulot ng pag-ibig na inakala niyang totoo at tapat.

Sa awiting *Labyu Langga*, inilalahad sa awitin na gawin ang lahat ng walang kapantay at walang takot mahinuha sa liriko na "Ang tagubtob sa 'kong dughan dili na muhunong , di na gyud mabangbang. Ing-ini ko og mahigugma buhaton kong tanan-tanan bisan og magkabuang.." Wagas na pag-aalay ng pag-big sa lungkot man o sa ligaya ang mahihinuha sa taludtod.

Inilalahad sa awiting *Sa Akong Heart*, na hindi dapat matakot na ipaalam ang nadarama sa taong sinisinta. Mula sa nabanggit na taludtod na "Kanang cheat day sa diet ra kay babaero lang ko kung mudaghan ka. Di ko ganahan ug sama nimo kay ikaw ra gyud mismo akong gusto.." ay mahihinuha ang pagnanais na makatuluyan ang babaeng iniibig subalit kung hindi rin naman masabi-sabi ang nararamdaman ay hindi kailanman ito magkakaroon ng katuparan.

Masisilip din sa awiting *Pero Atik Ra* na huwag mapagkunwari sa taong nagmahal ng tapat. Mula sa nabanggit na taludtod na "Diri na lang ko kutob. Diri na lang ko taman. Dili na ko mogukod sa taw'ng kusog modagan kay kung di gyud, di gyud. Wa na ta'y pugsanay. Ay'na lang, ay'na ko'g atika. Pero atik ra" ay mahihinuha ang pagpupursige ng persona na lumimot na at huwag nang ipilit ang hindi na maaari subalit magkaganoon pa man ay taliwas pa rin ang idinidikta ng puso. Ang awiting *HAHAHAHasula* inilalahad ang ugnayang panlipunang emosyonal ng kanta na maghintay sa tamang panahon, manatiling positibo at idaan na lang sa tawa ang lahat. Mula sa nabanggit na taludtod na "Awa lang magkadayon ra nya ta puhon purya buyag intawon.

Sa pangkabuuan, ang boses ng isang akda ay mahihinuha buhat ng pagtatawid ng manunulat sa kanyang natatanging personalidad o karanasan tungo sa isang komposisyon sa pamamagitan ng malikhain at matalinghagang pagbubuo ng mensahe ng isang tulang nilapatan ng tunog na naging awitin. Ang mga liriko nito'y maaring makapukaw ng kawing-kawing na mga alaala, imahen, damdamin, at naratibo na lalong nagpapayaman ng kahulugan sa pakahulugan ni Maceda, T.G. (2007). Dagdag pa nina Anastacio, D.S et al. (2016) ang kaugnayan ng tao sa lipunan ay kanyang kapwa tao at sa kanyang kapaligiran. Sa sitawasyong kailangang mag-ugnay ng dalawa o higit pang indibidwal na magkaibang komunidad ay mayroon ng language contact.

4.4 Ugnayang Panlipunan - Sosyal

Ayon sa pag-aaral ni Maceda, T.G. (2007) may mga kantang bunga ng nakaraang pakikibaka na lalong kumikinang sa pagdaan ng panahon. Yumayaman ang kahulugan ng mga ito kapag nakasalabid sa liriko't himig ang buhay at paninindigan ng gumawa ng awit, kapag diniligan ang awit ng dugo mismo ng mang-aawit. Hindi kayang burahin ng piitan at baril ang mga awit at mangaawit na nagsilbing awtentikong boses ng mga taong bayan at nagpatatag sa kanila para ipaglaban ang kanilang humanidad.

Napakalawak ng saklaw ng malay-tao sa aspetong sosyal sa lipunang binubuo ng pag-uugali, ideya at mga saloobin at bawat isa ay may kanya-kanyang pagpapahalaga sa mga ito. Bawat isa rin ay may iba't ibang paraan sa pagsasabuhay sa mga aral na kalakip nito. Ang pagpapahayag ng kultura sa mga kontemporaryong kasanayan sa musika ay lumampas sa mga pamantayang kahulugan ng tradisyon ng musikal. Bilang isang genre, ang pop music sa buong mundo ay naiimpluwensyahan ng mga kasanayan sa kanluran at hindi karaniwang kasama ang mga instrumento o mga pormang pangmusika na matatagpuan sa tradisyonal na musika ng bansang pinagmulan nina Shepherd, J. et al. (2003).

Makikita sa talahanayan ang kamalayang panlipunang sosyal ang mga piling awiting visayan popular na; malasakit sa kapwa, pagmamahal na wagas, matapang at handang ipaglaban ito, panindigan ang paglimot sa sakit na dulot, at tawanan na lang problema at may darating na pag-asa. Ang aral ng isang awitin ay mahuhugot mula sa masining na pagsasatitik ng damdamin at kasisipan na isang kakayahang pasulat ng kompositor tungo sa epektibong pakikipag-ugnayang sosyal sa mga tagapakinig na kapag nalapatan ng tunog ay nakapagluluwal ng isang makabuluhang obra na siyang tinatawag na awit. Ang bentahe ng awit sa panahon ng represyon ay ang pagiging madulas nito't napakadaling dalhin kahit nino, kahit saan. Inuugat ng kanta ang tao—manunulat o mang-aawit o tagapakinig—sa isang partikular na komunidad at kontexto pero di nagpapataw ng permanenteng kahulugan o kontexto.

Bilang paglalahat, ang mga awiting nakasulat sa Cebuano ay representasyon ng mga wikang nagkaintindihan sa kani-kanilang hangarin. Nagagawa din nitong matugunan at maihayag sa pamamagitan ng liriko ang pangnilalamang pangwika tungo sa pag-uugnay sa lipunan. Sa ganitong paraan, lubusang naisasangkot ang mga mambabasa pag-alam ng wikang gamit dahil ito ay danas ng lokalidad at kontekstwal sa pagpapakahulugan nito lipunang ginagalawan. Sa Cebu, kakaunti pa lamang ang mga pag-aaral sa mga lokal na awitin tampok ang mga bagong sibol sa henerasyon sa linggwistikong komunidad ngunit ang kamalayan sa larangang ito ay humihimok sa mga mananaliksik bubuo at palawigin pa ang pag-aaral ukol dito. Binagyang

ideya ni Anastacio, D.S et al (2016) ang paggamit ng lokal at kontekstwalisadong materyales sa paaralan ay naghahatid kabatiran sa mga kabataan sa usaping panlipunan, isali sa pagtuturo sa loob ng kurikulum ang mga araling lokal.

## V. CONCLUSION

Nilayon ng pag-aaral na ito na maanalisa ang awiting visayan popular sa pangnilalamang pangwika. Mula sa kinalabasan ng pag-aaral, inilahad ang mga sumusunod na konklusyon: May mahalagang mga istilong pangnilalaman na magagamit sa pagkatuto ng wika at kultura sa pag-aaral na may ugnayang pandadamin sa mga awiting narinig. Sa konteksto nito ay mayaman sa tradisyonal na pagpapakahulugan at ang ugnayang panlipunang emosyonal at sosyal ay lumilitaw na pang-araw-araw na karanasan.

Batay sa mga naging konklusyon ng pag-aaral, inihahain ang mga sumusunod na rekomendasyon para sa ikauunlad ng pag-aaral, iminumungkahi ang mga sumusunod; bigyang tuon ang pagsusuri ng ilang pang awiting lokal upang mas mailarawan ang katangian ng wika, bubuo ng gawaing pampagkatuto at pagtuturo ng araling tutugon sa kasanayang pampagkatuto na itinakda, at isaalang-alang ang paglinang ng mga awitin sa pagtuturo ng mga mag-aaral na nasa lokal at akma sa interes ng mag-aaral.

## VI. ACKNOWLEDGEMENTS

An acknowledgement section:
[1] Arnado, A. M. T. *Pagsusuri gamit ang varp sa awiting vispop*. CTU, Philippines.MAEd, 2019. Print
[2] written by Kuya Bryan at sung by Leela, L.-*Pasabta Ko;* written & sung by Teodorico, J. -*Labyu Langga*; written byUcat,R. & Gitamondoc, J.- *Sa Akong Heart*; by Ensalada, R.& sung by Von Saw- *Pero Atik ra*; written by Ucat, R. & Jude Gitamondoc, sung by Fick, K.- *HAHAHAHasula*. 2012.

## REFERENCES

[1] Peregrino, J. M. et al. (2002*) Minanga: Mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Filipino. University of the Philippines: Sentro ng Wikang Filipino, 90-150.*

[2] Policarpio, A. & Cabangon, N. (2016). *rico blanco for filipino society of composers, authors and publishers, Inc. (FILSCAP). Philippine Daily Inquirer. (September 12, 2016).*

[3] Shepherd, J. et al. (2003). *continum encyclopedia of popular music of the world. Volume 1: Media, Industry and Society. New York.*

[4] Maceda, T. G. (2007). *problematizing the popular: the dynamics of pinoy pop(ular) music and popular protest music. Journal: Inter-Asia 1Cultural Studies, Volume 8, 2007 - Issue 3. 28. Pages 390-413*

[5] Pe-Pua, R. & M. E. P. (2000). s*ikolohiyang pilipino (Filipino psychology): A legacy of Virgilio G. Enriquez. Asian Journal of Social Psychology Volume 3: pp 49–71.*

[6] Fuhr, M. (2016). *globalization and popular music in South Korea: Sounding Out K-Pop. New York: Routledge, Cambridge University Press: 13 January 2017, Volume 79, Issue 3 pp. 703-704. DOI:https://doi.org/10.1 017/S0041977X16000732*

[7] Covar, P. R. (2015*). kaalamang bayang dalumat ng pagkataong pilipino. Daluyan Journal Vol. 41, No. 1 1993, pp. 5-11, 79-90.*

[8] Anastacio, D. S. et al. (2016). *isang mapanuring paghahambing sa Ingles, Filipino, at Sebwanong mga salin ng orihinal na espanyol na lyrics ng Pambansang Awit ng Pilipinas. Humanities Diliman Journal Voulume 13:1, pp 1-22.*

[9] De Leon, E. C., (2014). *Si Axel Honneth at ang mga talinghaga ng pagpupumiglas sa mga awit ng Bandang Yano. Malay Journal Volume 27.2, pp 1-11.*

[10] Moriarty, M. (2014). *Languages in Motion: multilingualism and mobility in the linguistic landscape. International Journal of Bilingualism, 18(5)457463 https://doi.org/10.1177/13670069134842*

[11] Demetrio, F. P. A. (2013). *Isang Semyohikal na Pagsusuri sa mga Kontadiksiyong nakapaloob sa panlipunang kritisismo ni Gloc9. Pamanatasang DeLa Salle, Pilipinas. Malay Journal Volume 26.1 pp. 17-35.*

[12] Alvarado, Elsie T. et al. (2018). *Varayti ng wikang sugbuanong binisaya sa hilagang Cebu. Global Journal of human-social science: C International Research Journal, Volume 18 Issue 4 pp. 15-30.*

[13] Republic Act No. 10533. (2013). *Implementing Rules and Regulations of the Enhanced Basic Education Act of 2013.Official Gazette. (2013, September 4).*

### Journal Papers:

[14] Alvarado, Elsie T. et al. (2018*). Varayti Ng Wikang Sugbuanong Binisaya Sa Hilagang Cebu. Global Journal of human-social science: C International Research Journal, Volume 18 Issue 4 pp. 15-30*.

[15] Covar, P. R. (2015).*kaalamang bayang dalumat ng pagkataong pilipino. Daluyan Journal Vol. 41, No. 1 1993, pp. 5-11, 79-90*.

### Books:

[16] Peregrino, J. M. et al. (2002) Minanga: mga babasahin sa varayti at varyasyon ng filipino. University of the Philippines: Sentro ng Wikang Filipino, 90-150.

### Chapters in Books:

[18] *Note that thesis title is set in italics and the university that granted the degree is listed along withlocation information*

### Theses:

[17] Arnado, A. M. T. *Pagsusuri gamit ang varp sa awiting vispop*. CTU, Philippines.MAEd, 2019.Print.